EXPRESS LANES
Community Transportation Benefits

1 Isan g tao
2 Dalawang tao
3+ Tatlo o higit pang tao
Mga bus
Mga motorsiklo

Ano ang Programa ng Mga Benepisyo sa Transportasyon ng Komunidad?

Ang Programa ng Mga Benepisyo sa Transportasyon ng Komunidad (Programa) ay iniisponsor at pinopondohan ng San Mateo County 101 Express Lanes. Tinutulungan ng Programa ang mga kuwalipikadong residente ng San Mateo County na masagot ang ilan sa kanilang mga gastusin sa transportasyon. Puwedeng pumili ang mga kasali ng isa sa dalawang opsiyong makatutugon sa kanilang mga pangangailangan:

1. Clipper Card na may halagang $100 (taunang benepisyo); o
2. FasTrak® toll tag/transponder na may halagang $100 (isahang beses na benepisyo)

Tutulungan din namin kayong matukoy kung kuwalipikado kayo sa iba pang programa ng diskuwento sa Clipper Card at tutulungan namin kayo sa enrollment.

Kuwalipikado ba ako?

Para maging kuwalipikado sa ilalim ng Programa, kayo dapat ay:

- Residente ng San Mateo County, at
- May edad 18 o mas matanda, at
- Kuwalipikadong makatanggap ng kahit isang benepisyong ipinagkakaloob ng San Mateo County Core Service Agencies Network, o
- May Indibidwal na Kita na 60% o mas mababa sa Area Median Income ng county ($76,740 para sa 2021).

Paano ako makakapag-enroll?

May walong Core Service Agency na nakikipagtulungan sa Human Services Agency ng San Mateo County para mabigyan kayo at ang inyong pamilya ng mga batayang pang-emergency at pansuportang serbisyo. Puwede kayong mag-enroll para sa Programa ng Mga Benepisyo sa Transportasyon ng Komunidad sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod na Core Service Agency sa virtual o personal na paraan. Makikita sa ibaba ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan:

Ano ang Core Services Agencies Network at paano ako makikipag-ugnayan sa kanila?

Daly City Community Service Center
350 90th St.
Daly City, CA 94015
(650) 991-8007

SAMARITAN HOUSE
4031 Pacific Blvd.
San Mateo, CA 94403
(650) 347-3648

Coastside Hope
Neighbors Helping Neighbors
99 Ave Alhambra #1089
El Granada, CA 94018
650-726-9071

Pacifica Resource Center
Neighbors Helping Neighbors
1809 Palmetto Ave.
Pacifica, CA 94044
(650) 738-7470

PUENTE SINCE | DESDE 1998
Pescadero office:
620 North St.
Pescadero, CA 94060
(650) 879-1691
La Honda office:
La Honda Rd., # 4
La Honda, CA 94020
(650) 747-0248

the YMCA
1486 Huntington Ave,
South San Francisco
(650) 276-4101

Fair Oaks Community Center
2600 Middlefield Rd. Redwood City, CA 94063
(650) 780-7500

SAMARITAN HOUSE
South
295 N. Access Rd.
South San Francisco, CA 94080
(650) 294-4312

Iba Pang Madalas na Itanong

Limitado ba sa isang tao bawat sambahayan ang benepisyong ito?

Hindi, ibinibigay ang benepisyong ito sa indibidwal na antas, hindi sa antas ng sambahayan. Halimbawa, puwedeng tanggapin ng maraming tao na nakatira sa iisang sambahayan ang benepisyong ito kung matutugunan nila ang mga kinakailangan para maging kuwalipikado.

Pareho ba akong kuwalipikado para sa Clipper Card at FasTrak?

Kung matutugunan ninyo ang mga kinakailangan para sa pagiging kuwalipikado, kuwalipikado kayo sa alinman sa mga opsiyon, pero isa lang ang puwede ninyong piliin.

Paano ninyo ginagawa ang beripikasyon ng pagiging kuwalipikado?

Nagagawa ang beripikasyon ng pagiging kuwalipikado sa pamamagitan ng mga payslip, sulat mula sa inyong employer, o sulat ng mga benepisyo. Kung wala kayo ng mga opsiyong ito, puwede kayong lumagda ng pahayag ng Deklarasyon sa Sarili (Self-Declaration statement) para kayo mismo ang magdeklara ng inyong kita.

Ano ang mga benepisyo ng pagrerehistro sa aking FasTrak® toll transponder?

Nagbibigay-daan din sa inyo ang FasTrak® toll transponder na magamit ang mga Express Lane nang libre o nang may diskuwento kung matutugunan ninyo ang mga kinakailangan sa dami ng sakay kahit ubos na ang $100. Pakibisita ang: https://511.org/driving/express-lanes para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga diskuwentong ito. Ang Core Services Agency associate na mag-e-enroll sa inyo sa Programa ang gagabay sa inyo sa proseso ng online na pagpaparehistro ng FasTrak® habang nag-e-enroll kayo.

Paano kung may FasTrak® toll transponder na ako?

Kuwalipikado pa rin kayo. Kung mayroon na kayong FasTrak® account at rehistradong toll transponder, puwede ninyong idagdag sa kasalukuyan ninyong account ang transponder na matatanggap ninyo mula sa Programa ng Mga Benepisyo sa Transportasyon ng Komunidad.

Kailangan ko bang irehistro ang aking Clipper Card?

Hindi, hindi ninyo kailangang irehistro ang inyong Clipper Card para magamit ang pre-loaded na $100. Gayunpaman, lubos na inirerekomenda ang pagrerehistro sa inyong Clipper Card para patuloy ninyo itong magamit kapag naubos na ang $100, para mabilis na ma-renew ang inyong benepisyo kada taon, at para mas mabilis na mabawi ang inyong pera kung sakaling mawala o manakaw ang inyong Clipper Card.

May iba pa bang programa ng diskuwento sa transportasyon na puwede sa akin?

Oo, ang Clipper START ay isang panrehiyong programa na nagbibigay ng hanggang 50 porsiyentong mga diskuwento sa mga pasahe sa pampublikong transportasyon para sa mga kuwalipikadong indibiduwal. Kuwalipikado kayo sa Clipper START kung residente kayo ng isa sa siyam na county sa Bay Area, 19-64 na taong gulang, at may kita na 200% ng pederal na antas ng kahirapan o mas mababa ($25,760 para sa 2021). Pakitandaan: 1) posibleng kuwalipikado kayo sa Programa ng Mga Benepisyo sa Transportasyon ng Komunidad pero hindi sa Clipper START dahil sa mga pagkakaiba sa pagiging kuwalipikado ng kita para sa bawat programa, at 2) para makasali sa Clipper START, kailangan ninyo ng Clipper Card na iba sa card na may $100 na benepisyo

Ano ang mangyayari kapag naubos na ang $100?

Kung pipiliin ninyo ang Clipper Card na benepisyo, puwede ninyong ituloy ang paggamit sa card at kailangan ninyo itong kargahan ng dagdag na pondo para bayaran ang mga susunod na pasahe kapag naubos na ang $100 na benepisyo. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagkakarga ng pondo sa Clipper Card o pagrerehistro ng inyong Clipper Card, pakibisita ang: www.ClipperCard.com.

Kung pipiliin ninyo ang FasTrak® toll transponder na benepisyo, para patuloy na magamit ang inyong transponder sa pagbabayad ng mga toll sa mga Express Lane ng rehiyon at mga tulay na may toll, kailangan ninyo itong kargahan para maiwasan ang mga multa sa hindi pagbabayad ng toll. Pakibisita ang www.bayareafastrak.org para sa higit pang detalye.